Kalayaan

Opisyal na Pahayagan ng KABATAANG MAKABAYAN ENERO-MARSO 2003

*__Editoryal__*

**Patuloy na tumangan sa rebolusyonaryong tungkulin ng kabataang Pilipino.**
**Kabataan tumungo sa kanayunan, sumapi sa BHB!**

# Ipagbunyi ang ika-34 na anibersaryo ng BHB!

***Hindi sasapat ang simpleng pagdiriwang ngayong ika-34 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan. Pinakamataas na pagpupugay ang pagtungo ng mga kabataan sa kanayunan at pagsampa bilang mga pulang mandirigma ng BHB.***

Kasabay ng ating paggunita sa mga tagumpay ng BHB sa loob ng tatlumpu't-apat na taon ang pag-igting ng pananalakay ng imperyalistang Estados Unidos. Ang kamakailan lamang na pananalakay nito sa Iraq at sa buong Gitnang Silangang Asya ay nagpapakita lamang ng walang-habas na pagkagahaman nito sa pang-ekonomikong-kapangyarihan. Sa layuning kontrolin ang pandaigdigang pamilihan ng langis, naglunsad ito ng agresibong gera, sa likod ng balabal ng "gera laban sa terorismo." Nagdudulot ito ng matinding dagok hindi lamang sa ekonomiya ng mga sinasalantang rehiyon sa Asya kundi pati na sa mga kolonya at mala-kolonyang tulad ng Pilipinas. Lalo pa't gayon na lamang ang pagpapakatuta ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa teroristang mga pamamalakad ni Bush.

Gayunpaman, sa harap ng patuloy na pananakot at terorismo, matinding galit at pag-aalsa ang sagot ng rebolusyonaryong kilusan at masang anakpawis sa lumalalang agresyon ng EU.

Ang maniningning at matatagumpay na tatlumpu't apat na taon ng BHB ay matibay na puhunan upang harapin at tapatan ng digmang bayan ang gerang agresyon ng EU.

Mula nang maitatag noong Marso 28, 1969, umani ang Hukbo ng mahahalagang karanasan sa gawaing militar at gawaing masa. Dumaan ito sa matitinding pagkakamaling nag-iwan ng malalalim na dagok sa hanay ng rebolusyonaryong kilusan at masang sambayanan. Ang mga karanasang ito ay patuloy na pinaghahalawan ng aral para sa higit pang pagpapaunlad sa gawaing militar, edukasyon, propaganda, organisasyon, kultural, medikal at iba pang larangan.

Ang BHB ay masigasig na nag-aaral ng Marxismo-Leninismo-Maoismo bilang teoryang gumagabay sa patuloy na pagsandig nito sa masa at paglunsad ng Demokratikong Rebolusyong Bayan. Napaunlad nito ang edukasyon-propaganda para sa pagpapaunawa sa masa ng kanilang kalagayan at pagsasamantalang nararanasan.

BAGONG HUKBONG BAYAN

Hindi rin pahuhuli ang BHB sa patuloy napaglinang ng mga likhang-sining ng

*sundan sa pahina 2*

mga pulang mandirigma at masang anakpawis. Higit na maipagmamalaki ang mga akda at likhang naglalahad ng tunay na kalagayan ng masa at nagdudulot ng makabuluhang mga mensahe upang manghikayat sa mamamayang mag-alsa. Kasalukuyan ring nagpapaunlad ang BHB sa gawaing medikal at pangkabuhayan para sa ikabubuti ng kalagayan ng masang magsasaka.

Patuloy at di-matatawaran ang higit na paglawak ng mga pormasyong gerilya sa buong kapuluan. Sa ngayon, tinatayang may mahigit-kumulang nang 126 larangang gerilya ang nakalatag sa 700-800 munisipalidad sa buong kapuluan. Tiyak na madadagdagan pa ang bilang na ito sa mahusay na pakikipagkaisa sa masa at masigasig na pag-oorganisa at pagrerekluta ng mga bagong kasapi ng BHB.

Ang mga aral at karanasan sa gawaing masa ang pundasyon ng BHB upang makapaglunsad ng matatagumpay na opensiba. Noong nakaraang Pebrero, nagsagawa ng opensiba ang 1st Pulang Bagani Company sa Sityo Basak, Talaguinod, Davao del Norte laban sa 72nd Infantry Batallion. Siyamnapu't walong armas naman ang nasamsam ng mga pulang mandirigma sa matagumpay na reyd na isinagawa sa Picop Resources Inc. sa Barangay Tabon, Bislig, Surigao del Sur nitong nakaraang Marso 21. Matagumpay ring napatawan ng karampatang parusa ang mga taksil sa rebolusyon at kaaway ng mamamayan. Pinakatampok ang pagpaslang ng espesyal ng yunit ng BHB kay Romulo Kintanar noong Enero 23, 2003 sa Quezon City, at ang isinagawang pag-ambush kay Gen. Jovito Palparan na, bagamat hindi napuruhan, tiyak na magsisilbing babala sa pasista at mga goons nito.

Sa mahusay at masinsing gawain at mainit na pakikitungo sa masa, nakapagtayo na ng mga demokratikong gobyerno sa mga konsolidadong baryo. Gayundin ang paglulunsad ng rebong agraryo sa iba't-ibang lalawigan. Kamakailan lang, naipagtagumpay ang kampanya sa pagpapataas ng presyo ng mais sa Baggao, Cagayan. Bitbit ang mga plakard na nanawagang, "*Sumama sa kumprontasyon! Itaas ang presyo ng mais!*," pinamunuan ng KAGIMONGAN (Alyansa ng mga Magsasaka sa Cagayan) ang pagharap ng mga magsasaka sa apat na komersyal-usurero upang igiit ang kanilang mga kahilingan. Isang halimbawa lamang ito ng pagpapatupad ng minimum na programa ng rebolusyong agraryo para sa pagpapaigi ng kabuhayan ng masang magsasaka.

Hindi maitatatwang ang BHB ang armadong pwersang nagtatanggol sa masa laban sa pagsasamantala ng mga malaking burgesya komprador, panginoong maylupa at reaksyunaryong opisyal ng gobyerno at pasistang militar. Kaya naman ang BHB ang maasahang sandigan ng masa at kinikilala nilang tunay na hukbo ng mamamayan.

Ang mga tagumpay na ito ang nagbibigay ng lakas at determinasyon sa Hukbo sa nagdaang tatlumpu't apat na taon. Nagsisilbi rin itong inspirasyon sa masang anakpawis upang ipagpatuloy at paigtingin pa ang armadong pakikibaka. Kaya kasabay ng paggunita, marapat lamang ang higit pang pag-iipon ng lakas ng rebolusyonaryong kabataan upang mag-ambag ng pwersa sa kanayunan. Higit na napapanahon ang panawagang tumungo sa kanayunan at sumapi sa Bagong Hukbong Bayan. Sa paghawak ng armas at pakikipagkaisa sa masa lamang magagapi ang pagsasamantala at panghihimasok ng imperyalistang EU at maipagtatagumpay ang ganap na kalayaan ng sambayanang Pilipino.

**Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas!**

**Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan!**

**Mabuhay ang mamamayang Pilipino!**

## Nilalaman


- Pahayag ng KM sa Ika-34 na Anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan
- Balita
  - -Tumitinding panggegera ng Impe- EU sa Iraq
  - -Balikatan sa Mindoro
- Panawagan sa mga Anak ng Bayan
- Pahayag ni Gregorio Rosal sa Pagpaparusa kay Romulo Kintanar
- Sigwa ng Unang Kwarto



Ang KALAYAAN ay inilalathala ng Pambansang Kalihiman ng **Kabataang Makabayan (KM).** Ang KM ay kasapi ng **National Democratic Front of the Philippines**.

http://www.kabataangmakabayan.netfirms.com

# B A L I T A

## Mindoro: susunod na target ng Kano




Bukod sa Mindanao at Gitnang Luzon, nanganganib rin ang Mindoro at iba pang kalapit na mga lalawigan nito sa panghihimasok ng mga Amerikanong sundalo.

Kamakailan lang ay naglabas ng resolusyon sina Gobernador Eleandro Jesus Madrona ng Romblon; Bartolome Marasigan ng Oriental Mindoro; Jose Villarosa ng Occidental Mindoro; Carmencita Reyes ng Marinduque at Joel Reyes ng Palawan na isama sa pagdarausan ng US-RP military exercises ang mga lalawigan ito.

Ngunit tutol rito ang mga residente at lokal ng Mindoro at iba pang kalapit-probinsya.  Ayon sa kanila, hindi sila papayag na masalanta ng mga ehersisyo-militar ang kanilang mga tahanan at kabuhayan.

Handa ang mga makabayan at militanteng organisasyon at mamamayan ng Timog Katagalugan na labanan ang nakaambang pagdating ng mga tropang Kano.  Ayon kay Ka Roger Rosal, handa rin ang rebolusyonaryong kilusan at mga pulang mandirigma ng BHB na harapin ang tropang militar ng EU na babase sa Mindoro at ng buong Timog Katagalugan.

## Protesta laban sa gera ng US, sumisigla sa buong daigdig

Lumalawak at umiigting ang mga kilos-protesta laban sa digmaan ng US sa Iraq.  Tinatayang milyon-milyon ang nagmartsa mula sa Argentina, Belgium, Brazil, Canada, Denmark, Dominican Republic Ecuador, France, Greece, Guatemala, Haifa, Ireland, Italy, Macedonia, Mexico, Netherlands, New Zealand, Nicaragua, Norway, Paraguay, Poland, Portugal, Puerto Rico, Scotland, Slovenia, Spain, Sudan, Sweden at Venezuela.   Maigting ang pagtutol maging sa mga mamamayan mismo ng US at ang panawagang patalsikin si George Bush.





Ipinapakita lamang ng malawak na pandaigdigang mga protesta ang suporta at pagpupugay ng buong mundo sa mga mamamayang Iraqi na nakikibaka para sa kanilang kalayaan at karapatang magtayo ng sariling pamahalaan.

Samantala, tinatayang may 50,000 mamamayan sa buong bansa ang lumahok sa mga anti-imperyalistang mobilisasyon laban sa gera ng US at sa lantarang pagsuporta rito ng rehimeng Arroyo. Ilang mga pangunahing lunsod sa may 18 lalawigan ang nagsagawa ng mga kilos-protesta.  Kabilang sa mga ito ang Metro Manila, Baguio, Vigan, Cebu, Bacolod, Dumaguete, Iloilo, Davao, General Santos, at marami pang iba.

### Paanyaya

***Bukas ang pamatnugutan ng Kalayaan na tumanggap at lumathala ng mga artikulong likha ng sinumang kasapi ng Kabataang Makabayan sa buong bansa.  Maaaring magpasa ng mga balita, lathalain,  karanasan sa integrasyon, tula, maikling kwento, kanta, at iba pang anyo ng literatura. Maaaring ipadala ang inyong mga artikulo sa km_national@yahoo.com.***

# Tuloy-tuloy na tumugon sa Rebolusyonaryong tradisyon ng Kabataang Pilipino



## Panawagan sa mga Anak ng Bayan

***Habang tumitindi ang panggegera ng imperyalistang Estados Unidos sa Iraq, tumitindi rin ang panghihimasok nito sa ating bansa. Ang pagkasadlak sa sitwasyong ito ay nagbubunsod kapwa sa mamamayang Iraqi at Pilipino ng matinding galit at pag-aalsa.***

Bilang pakikiisa sa mamamayang Iraqi at pagtatanggol sa pambansang soberanya, higit na malakas ang panawagan para sa armadong pag-aaklas. Sa pagkakataong ito, hinahamon ang rebolusyonaryong kabataang higitan ang naabot na bilang ng napasampa upang buong-panahong kumilos sa BHB at mga sonang gerilya noong nakaraang taon. Gayundin ang paghikayat sa mas malaking bulto ng kabataan at mamamayang nais makipamuhay at mag-integrasyon sa masang magsasaka.

Buhay at taus-pusong pagdiriwang ng ika-34 na anibersaryo ng BHB ang papalaking bilang ng kabataang handang humawak ng armas at sumanib sa armadong pag-aalsa. Mahigpit na tungkulin ng bawat anak ng bayan ang mag-ambag ng lakas at panahon sa sonang gerilya upang pag-ibayuhin ang buong sandatahang pwersa at mahigpit na makipag-ugnayan sa masa. Ang bawat kabataang lumalahok sa integrasyon at nagpapasyang kumilos sa BHB ng buong panahon ay katumbas ng tuluy-tuloy na paghina ng imperyalistang EU at ng lokal na reaksyon. Sa pamamagitan rin nito, nagiging kaisa ang Hukbo at ang mamayang Pilipino ng mamamayang Iraqi at iba pang inaaping sambayanan laban sa imperyalistang panggagahaman.

Kaya marapat lamang na ipagpatuloy ng kabataang Pilipino ang rebolusyonaryong tradisyong inumpisahan ng dakilang bayaning si Andres Bonifacio noong Rebolusyong 1896. Hindi kailanman hadlang ang pagiging kabataan sa paghawak ng armas at pagtanggol sa kalayaan.

Sapagkat ngayon, higit kailanman, makatarungan ang paghihimagsik.

***Kabataan, tumungo sa kanayunan. Sumapi sa Bagong Hukbong Bayan!***

## Lubos na karapat-dapat ang pagparusa kay Romulo Kintanar

*Pahayag ni Gregorio "Ka Roger" Rosal*
*Tagapagsalita*
*Partido Komunista ng Pilipinas*
*Enero 26, 2003*

***Patung-patong ang mga kriminal na pananagutan ni Romulo Kintanar laban sa rebolusyonaryong kilusan at mamamayan.***

Nagsimulang lumarga nang husto ang mga kriminal na aktibidad ni Kintanar noong 1984 sa Davao, lalong lumala noong huling bahagi ng dekada 1980 at pinag-ibayo pa niya nang itiwalag siya sa Partido noong 1992 at lubos na sumanib sa mga kriminal na sindikato sa loob at labas ng militar. Lubos na karapat-dapat na wakasan ang kanyang bulok, kriminal, kontra-rebolusyonaryo at madugong rekord.

Siya ay sinampahan ng mabibigat na paratang na kriminal sa hukumang bayan noong 1993, walang dudang napatunayang maysala at hinatulan ng hukumang bayan ng pinakamabigat na parusa.

Matagal nang may kautusan sa BHB na arestuhin siya't iharap sa hukumang bayan. Subalit matagal na siyang palaging tumatalilis at gumagawa pa ng mga kontrang hakbangin upang umiwas na harapin ang kanyang mga kriminal na responsibilidad.

Ang paggawad ng parusa sa kanya ay matagumpay na isinagawa noong Enero 23, 2003 ng isang espesyal na yunit ng Bagong Hukbong Bayan. Bahagi ito ng matatag na determinasyon ng Partido at BHB na papanagutin sa rebolusyonaryong hustisya ang mga may pinakamalalaking krimen laban sa rebolusyon at bayan, kahit ang sangkot ay mga kasalukuyan o dating pinuno ng Partido at BHB, o di kaya'y malalaking reaksyunaryong masalapi o makapangyarihan.

Ang pagpataw ng BHB ng pinakamabigat na parusa ay inirereserba lamang sa mga taong walang dudang napatunayang gumawa ng mga karumal-dumal na krimen. Kabilang dito si Kintanar. Ang mga sumusunod ay ilan lamang sa pinakamalalaking kriminal na pananagutan niya kahit noong nagpapanggap pa siya sa loob ng Partido at Bagong Hukbong Bayan at humigit pa mula nang naging tahasan na ang pagtataksil niya sa rebolusyonaryong kilusan:

1) Iligal na pang-aabuso ng kanyang awtoridad sa loob ng Partido at hukbong bayan sa pagpapasimuno, paglulunsad at pagpapalaganap ng mga operasyong gangster. Ang mga binuo o pinamunuan niyang grupo para sa "ispesyal na operasyon" ang siyang nagsakatuparan ng mga *kidnapping for ransom,* mga *holdup* sa mga bangko at iba pang negosyo, pamemeke ng dolyar at iba pang anyo ng krimen at katiwalian. Ginamit niya ang mga kulimbat mula sa mga ito para sa personal na pagpapasasa at marangya at bulok na pamumuhay nilang magkakasapakat. Hinigop niya sa korapsyon at kabulukan ang mga yunit ng partisanong lunsod na pinamumunuan niya. Nagrekrut din siya ng mga latak ng lipunan at nakipagsabwatan sa mga kriminal na sindikato, mga pwersang militar at pulis, at mga bulok na elementong sa kalauna'y kasa-kasama niyang nagtraydor at itinawalag sa Partido at BHB. Ilan sa mga ginamit niyang operatiba ang napatay sa isang tangkang *bank holdup* sa Parañaque bago siya nahuli noong 1991.

Ang ganitong mga operasyon ay unang ihinasik niya sa Davao City hanggang naging "*killing capital*" ito noong maagang bahagi ng dekada 1980. Lalo pa niya itong pinalaki at dinala sa pambansang saklaw. Mula 1989 hanggang noong mahuli siya noong 1991, ang yunit sa espesyal na operasyon na kanyang tuwirang pinamunuan ay walang ibang inatupag kundi mga kriminal na operasyong gangster. Mula sa mga ito, kumita sila ng milyun-milyong piso, na inilihim nila sa Partido at sinarili.

Ang kriminal na gang ni Kintanar ang responsable sa mga pinakamalaking kaso ng pangingidnap noong dekada 1980. Sila ang responsable sa pagkidnap sa negosyanteng Hapon na si Noboyuki Wakaoji noong 1986 kung saan $10 milyon ang ransom na nakuha nila.

Noong 1989, kasabwat ang kalihim ng Visayas Commission ng PKP noon na si Arturo Tabara, pinamunuan din ni Kintanar ang pagkidnap sa Iloilo City kay Roger Florete, may-ari at presidente ng Bombo Radyo-Philippines. Nakakuha sila rito ng P15 milyon.

Ang ganitong mga kriminal na aktibidad ni Kintanar ay walang awtorisasyon ng sentral na namumunong organo ng Partido. Malinaw kay Kintanar at sa mga kasabwat niya na ang mga ganitong aktibidad ay labag sa sa patakaran at tuntunin ng Partido at BHB kaya't sadyang inilihim nila ang mga ito.

Pagkatapos makalaya noong 1992, kinasangkapan niya ang

*sundan sa susunod na pahina*

dating katungkulan at inatasan ang isang grupo ng mga dati niyang tauhan upang magpatuloy sa gawaing gangster nang walang anumang awtorisasyon sa Partido at BHB at sa kabila ng kampanya ng sentral na namumunong organo laban sa gangsterismo.

2) Malaking kaso ng pagnanakaw sa loob ng Partido. Tuwirang nagnakaw si Kintanar ng malalaking halaga mula sa pondo ng rebolusyonaryong kilusan. Isa sa pinakamatingkad rito ang natuklasan noong 1991, kung saan personal niyang kinuha at itinago ang P30 milyon nang tanging siya ang nakaaalam kung saan. Ang impormasyon hinggil dito ay nalaman lamang ng sentro ng Partido nang tuwiran itong iulat ng pinamumunuan niyang yunit pagkaraang maaresto siya noong Agosto 1991. Bukod rito, may iba pang malalaking halagang hindi niya ipinailalim sa kolektibong superbisyon, walang malinaw na pagtutuos at itinangging ipasiyasat. Bago naging tahasan ang pagtataksil niya sa Partido, nilimas din niya ang lahat ng *account* na alam niyang pinagtataguan ng mga pondo ng Partido.

3) Tangkang panghahati at pangwawasak sa Partido at rebolusyonaryong kilusan. Si Kintanar ay isa sa mga pinakamasugid na nagpasimuno ng pagpapaksyon noong una at tangkang tahasang pangwawasak na sa Partido at rebolusyonaryong kilusan sa kalaunan. Inangkin niya ang awtoridad para itulak ang todong kampanyang anti-Partido mula Setyembre 1992. Nilinlang at binuyo niya para umalsa at humiwalay ang ilang kadre at kasapi ng Partido at ilang kumander, mandirigma at yunit ng BHB. Inayunan at inengganyo niya ang paghihiwalay sa Partido at pagbubuo ng RPA noon nina Filemon Lagman at Arturo Tabara. Wala siya sa pormal na pamunuan ng RPA, ngunit nagsisilbi siyang tagapayo nina Tabara at Carapali Lualhati sa mga patakaran ng RPA, hanggang sa humantong ito sa kanilang pormal na pagsurender sa gubyerno at tahasang pakikipagtulungan sa mga operasyong militar laban sa rebolusyonaryong kilusan.

**_Matagal nang may kautusan sa BHB na arestuhin siya't iharap sa hukumang bayan. Subalit matagal na siyang palaging tumatalilis at gumagawa pa ng mga kontrang hakbangin upang umiwas na harapin ang kanyang mga kriminal na responsibilidad._**

4) Mula nang itiwalag sa Partido, lalong bumwelo si Kintanar sa mga gawaing kriminal at kontra rebolusyonaryo. Nakipagsabwatan siya sa AFP at PNP laban sa Partido at rebolusyonaryong kilusan at nalulong sa mga operasyon ng mga kriminal na sindikato, nasangkot sa korapsyon sa burukrasya, nagsilbing *gun-for-hire* para sa mga reaksyunaryong pulitiko at iba pang may mga nais ipapatay.

Ginamit niya ang dating katayuan at kaalamang panloob sa rebolusyonaryong kilusan para sumuporta sa operasyong "*counter-insurgency*" ng gubyerno. Nagsilbi siyang *security consultant* ni Gen. Alexander Aguirre na *national security adviser* ni Estrada. Bago siya naparusahan, ang totoong trabaho niya-ayon din mismo sa isang mataas na upisyal ng Malakanyang-ay *consultant* ng AFP at PNP, pero para sa sweldo at prente niya, pinalalabas siyang *security consultant* sa Bureau of Immigration and Deportation at sa National Electrification Administration. Tuwirang nakipagsabwatan siya sa ISAFP sa ilalim ni Col. Victor Corpus sa pagbabalak at pagpapatupad ng mga operasyong paniktik at kampanya ng *psy-ops*, pananabotahe, pananalakay at tangkang pangwawasak sa mga yunit at sonang gerilya ng BHB.

Si Kintanar mismo ang siyang *project officer* ng isang grupo na binuo noong Mayo 2000 at ipinadala sa The Netherlands upang magsakatuparan ng asasinasyon kay Kasamang Jose Maria Sison. Pero nahirapan, nagkagulo at napilitang bumalik ang grupo. Patunay ito kung hanggang saan tumungo si Kintanar sa pakikipagsabwatan sa kanyang mga kadikit na upisyal militar at mga burukrata para sa marahas na paglaban sa rebolusyon.

Maging si Philip Medel ay isa sa mga bayarang mamamatay-tao na nasa pangangalaga ni Kintanar at ng tiyuhin niyang si dating ISAFP Chief Gen. Galileo Kintanar. Nagmamantine sila ng iba't ibang mga *safehouse* para sa mga kriminal na pakikipag-transaksyon kina Medel at iba pa nilang *gun-for-hire.* Pinalalabas na lamang ni Romulo Kintanar na nangumpisal si Medel sa kanya kaugnay ng pagpatay kay Nida Blanca.

Lubus-lubos na ang pakikipagsabwatan ni Kintanar sa militar at pulis kung kaya't hindi kataka-takang tinatrato siyang VIP ng AFP at PNP. Katunayan, naging *special guest* pa si Kintanar

*sundan sa pahina 10*

# SIGWA

***Likas sa mundo at sa kasaysayan na habang may mga kabataang nagsasayang sa mga kural ng lumang mga lipunan, mayroon ring mga kabataang tumututol at lumalaban sa lipas nang kaayusan, at nagpupunyaging magtayo ng isang bagong sistema o marating ang isang bagong antas ng pag-unlad kung saan sila ang makikinabang." – JMS***

***Mahalagang gunitain ang mga matatagumpay na pagkilos ng kabataan at mamamayan sa ating kasaysayan. Ang mga tagumpay na ito ay magsisilbing puhunan n gating determinasyon upang mapagtagumpayan ang mga susunod na laban. Gayundin ang mas mahigpit pang pakikipagkaisa ng kilusang kabataan sa hanay ng masang anakpawis.***

Ilan sa mga naging tampok na pakikibakang lungsod ay ang tatlong sigwang kinatangian ng pagbuhos ng maraming kabataan at mamamayan sa lansangan. Mga sigwa na ang pagkakahalintulad ay naganap sa loob ng unang kwarto ng taon, sa tatlong magkakahiwalay na dekada. Ang mga naturang sigwa ay naging instrumento upang mapabagsak ang rehimen at magpahina sa kapangyarihan ng reaksyon. Gayundin, naging tampok ang papel ng kabataan na isa sa mga nanguna sa pagpapatagumpay ng laban.



Demonstrasyong Anti-Diktadurya (1970)

Paano nga ba inaalala ng mamamayan ang dekada '70? Kaakibat ng malagim na panahon ng Batas Militar ay ang maiigting na pakikibakang masa laban sa diktaduryang EU-Marcos. Hindi mawawala sa paggunita sa dekadang ito ang Sigwa ng Unang Kuwarto o First Quarter Storm (FQS) kung saan kinikilala ang mahalagang papel ng kilusang kabataan. "Paglingkuran ang Sambayanan," "Mangahas Makibaka, Mangahas Magtagumpay" ay dalawa sa mga pinatampok na katagang naging gabay ng mga masang aktibista sa kanilang pang-araw-araw na pakikibaka. Ang mga katagang ito, kasabay ng nakamit na tagumpay ng FQS, ay ilan sa mga naipamana ng mga masang aktibista noon at siya rin namang ipinagpapatuloy ng mga masang aktibista ngayon.

Ang FQS ay ibunga ng masiglang anti-imperyalista at anti-pyudal na kilusang masa mula pa noong dekada '60. Tinatayang 15,000 ang lumahok sa demonstrasyon noong Disyembre 3, 1964, gayundin ang may 20,000 mamamayan na nagmartsa noong Enero 25, 1965 mula Kongreso hanggang Embahada ng Kano upang igiit ang pagpapalayas sa Base Militar..

Ngunit tumampok ang sunod-sunod at higanteng aksyong protesta ng mga kabataan sa loob ng unang tatlong buwan ng taong 1970. Dumagsa sa lansangan ang mga estudyante mula sa kolehiyo at hayskul, gayundin ang mga kabataan mula sa mga komunidad at pagawaan. Nagawa nitong ihiwalay ang diktaduryang Marcos sa masa, bitbit ang iba't-ibang isyung ibinunga ng pang-ekonomiya at sosyo-pulitikang krisis. Ang kawalan ng kakayahan ni Marcos na resolbahan ang mga naturang krisis ay ginatungan pa ng pagpapakatuta nito sa imperyalismong-EU -- at lumalalang pasismong pangunahing nagtulak sa pagsiklab ng kilusang masa.

Bago pa man muling kuman-didato si Marcos sa pagka-pangulo, samu't-saring suliranin ang hinaharap ng estado. Bagsak ang ekonomiya at mababa ang halaga ng piso dahil sa debalwasyon. Malubha ang krisis sa langis at mataas ang presyo ng bilihin. Laganap rin ang korupsyon sa gobyerno at lantaran ang pagpapakatuta ng rehimen sa EU sa gitna ng panggegera nito sa bansang Byetnam.

*sundan sa pahina 8*

Sa unang State of the nation Address (SONA) ni Marcos noong Enero 26, 1970, humigit kumulang na dalawampung libong kabataan ang nagmartsa mula P. Burgos Boulevard patungong Batasang Pambansa. Matapos maipahayag ni Marcos ang kanyang programa ay sinalubong siya ng mga bato, bote at plakards na may islogang “Marcos, papet!” Walang nagawa ang mga armadong riot police. Pag-alis ni Marcos, agad namang inatake ng mga ito ang mga nagprotesta at tumagal ng dalawang oras ang madugong sagupaan ng mga pulis at kabataan.

Enero 30,1970, apat na araw matapos ang gulo sa Kongreso, muling nagbalik ang may 50,000 estudyante sa Malacañang. Sa pagkakataong ito, mas naging marahas ang mga inihandang 2,000 armadong tropa at 12,000 tauhan ng Philippine Constabulary. Inulan ng mga bato, plakards, tear gas at pill box ang naturang protesta, gayundin ang water cannon ng Manila City Fire Truck. Ngunit nagawang agawin ng mga demostrador ang naturang fire truck at ibinangga ito sa garahe ng Malacañang, dahilan ng pagkasira ng gate 4 ng palasyo. Nakapasok ang libo-libong estudyante sa loob ng palasyo at doon isinigaw ang, “Rebolusyon! Rebolusyon! Ibagsak ang EU-Marcos!” Nagpaputok ng baril ang mga pulis-palasyo at napaslang ang apat na kabataang kalahok sa protesta. Tatlong daan naman ang nadakip at ikinulong sa Camp Crame at daan-daan din ang sugatan.

Naging tampok rin ang mga sunod-sunod na mga kilos-protesta ng mga estudyante ng Unibersidad ng Pilipinas, na mas kilala sa kasaysayan bilang Diliman Commune. Naging pangunahing isyu ang pagtataas ng presyo ng langis at mga di-makatarungang witchhunt ng Committee on anti-Filipino Activities (CAFA) ng Kongreso. Pinangunahan ng Student Cultural Association in UP (SCAUP) ang mga kilos-protstang ito, katuwang ang Philippine Collegian at ilang mga fraternity at sorority ng unibersidad. Tinatayang may 5,000 estudyante ang namobilisa.

Sa pangunguna ni Jose Ma. Sison, itinatag ang Kabataang Makabayan (KM), komprehensibng organisasyonng kabataang manggagawa, magsasaka, estudyante at propesyunal, noong Nobyembre 30, 1964. Aktibong nag-aral ang KM ng lipunang Pilipino at mga batayang suliranin nito, sa ilalim ng gabay ng teorya at praktika ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Kinilala ang makabuluhang ambag ng KM sa pagsiklab ng kilusang masa noong ekada 70. Masikhay rin itong gumampan ng gawaing-propaganda at pag-oorganisa sa mga unibersidad, maralitang-lunsod, paggawaan at kanayunan. Nang ideklara ang Batas Militar noong 1972, naging lihim na organisasyon ang KM. Tumungo ang daan-daang bilang ng mga kabataan sa kanayunan upang doon maglunsad ng armadong pakikibaka.

Sustenido ang mga higanteng aksyong masa mula 1970 hanggang 1972. May 100,000 demonstrador ang nagtipon sa Plaza Miranda noong Pebrero 12, 1970. Noong Pebrero 26, 1970, nagmartsa ang 10,000 katao mula Plaza Miranda hanggang sa Sunken Garden sa UP at muling bumalik ng US Embassy. May humigit-kumulang 1,000 pulis at 1000 Metrocom at AFP ang humarang sa mga demonstrador. Kasabay nito, sinugod at ni-ransack ng mga militar ang Philippine College of Commerce (ngayon ay Polytechnic University of the Philippines). Tinatayang 20,000 rin ang lumahok sa 23 kilometro-anim na oras na martsa noong Marso 3, 1970, habang Marso 17, 1970 naman nang lumahok ang 100,000 demonstrador sa Martsa ng Maralita sa Plaza Moriones, kung saan hayagang idineklara ang suporta sa Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan.

Mula rito, higit pang dumami ang sunud-sunod na mga aksyong-protesta sa kalunsuran, kasabay ng tuluy-tuloy na paglakas ng armadong rebolusyon sa kanayunan. Mananatiling panandang-bato ang Sigwa ng Unang Kwarto sa kasaysayan at kadakilaan ng nagsanib na hanay ng kabataang estudyante at masang anakpawis. Gayundin ang KM, na nagbunga ng pagkakatatag ng marami pang organisasyong masa mula sa iba’t-ibang sektor para sa pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon.

**EDSA1: pagbagsak ng rehimeng EU-Marcos (1986)**

Nagpatuloy ang malawakang kampanyang anti-Marcos-EU hanggang sa maagang yugto ng dekada ’80. Lalong sumiklab ang galit ng mamamayan matapos ang brutal na asasinasyon kay Benigno “Ninoy”Aquino, Jr. Sa panibagong pag-aalimpuyo ng mamamayan, muling sumigla ang panawagang “Makibaka!” at itinakda ang araw ng Biyernes bilang regular na araw ng protesta. Nanumbalik rin ang kilusang boykot at pagbabarikada sa mga iba’t ibang mga pamantasan.

Bilang desperadong pagtatangkang pawiin ang sunud-sunod at papalakas na mga kilos-protesta, muling nanawagan si Marcos ng snap presidential elections. Ngunit tulad ng dati, lantarang niyang dinaya ang



eleksyon -- dahilan ng lalong pagsiklab ng galit ng masang Pilipino.

Dumulo ito sa pagititipon ng milyong mamamayan sa EDSA noong Pebrero 23, 1986. Pagsapit ng ika-27 ng Pebrero, matagumpay na napatalsik sa pwesto ang diktadurang Marcos ng makasaysayang EDSA Uprising.

**EDSA2: Pagpapatalsik sa Rehimeng EU-Estrada**

Pagkaupo pa lamang ni Joseph Ejercito Estrada bilang pangulo noong 1998, kinakitaan na siya ng mga katangiang anti-mamamayan at pasista. Lumala ang pagtaas ng presyo ng langis, pasismo at korupsyon. Sa ilalim ng rehimeng Estrada rin niratipikahan ang Visiting Forces Agreement at naglunsad ng matinding militarisasyon sa kanayunan sa ngalan ng Oplan Makabayan. Kaya naman sa loob lang ng mga unang buwan niya sa panunungkulan, naghayag na si Jose Ma. Sison, tagapangulo ng Partido Komunista ng Pilipinas, ng panawagang patalsikin siya bilang pangulo.

***Nagaganap ang pagsiklab ng mga pakikibakang lansangan dahil mayroong estadong nanggigipit sa kalagayan ng mamamayan.***

Bukod sa mga batayang isyu, nagbunga ng matinding lamat sa administrasyon ang pakanang Charter Change. Tuwiran din ang pagsagasa nito sa kalayaan sa pamamahayag, partikular ng mga kilalang peryodikong tumutuligsa sa kanya tulad ng The Manila Times at Philippine Daily Inquirer. Noong Agosto 20, 1999, nagmartsa ang libo-libong kabataan at mamamayan sa Makati laban sa CONCORD. Nilahukan rin ito ng maraming propesyunal at mamamahayag upang ipagtanggol ang karapatan sa pamamahayag.

Pebrero 24, 2000, kasabay ng pambansang araw ng pagboykot ng klase laban sa pagtaas ng matrikula, unang nanawagan ang kabataan ng “Sobra nang pahirap, Patalsikin si Erap!” Noon rin nagsimula ang mararahas na dispersal sa mga raliyista.

Sunod-sunod rin ang mga marahas na pagbuwag sa mga piketlayn ng mga manggagawa ng SM, Liana’s at Manila Hotel.

Noong Abril 4, 2000, muling nagpahayag si Sison ng pagpapatalsik at nagbaba ng taning na isa o dalawang taon na lang ang ilalagi ni Erap bilang pangulo. Bitbit ang panawagan patalsikin si Erap, marahas na binuwag ang pambansa-demokratikong kilusan sa ikalawang State of the Nation Address ni Erap sa Batasang Pambansa.

Nang ibunyag ni Cong. Chavit Singson sa publiko ang pagkasangkot ni ni Erap sa mga sindikato ng jueteng, tuwiran nang naihiwalay sa masa si Erap. Lalong lumitaw ang walang-hiyang mga panloloko pandarambong nito sa publiko.

Noong Nobyembre 4, 2000, isang higanteng prayer-rally na nanawagan ng “Estrada resign!” ang isinagawa sa Ortigas. Nagsimula rin ang mga malalakihang aksyong-protesta sa buong bansa at pumutok ang kabilaang mga Welgang Bayan. Libo-libong estudyante ang lumahok sa Welgang Bayan noong Nobyembre 14, 2000, 80,000 ang mula sa NCR. Nobyembre 28,2003 naman nang mag-walk-out ang mga estudyante ng UP Diliman, UP Manila at PUP at nagmartsa papuntang Senado laban sa “motion to quash”. Libong kabataan rin ang lumabas ng paaralan at lumahok sa LAKBAYAN ng mamamayan mula sa iba’t ibang rehiyon. Kinatangian ito ng tatlong sunod-sunod na araw at gabing pagtipon at vigil sa Mendiola.

Nagsimula ang impeachement trial noong Disyembre 7, 2000, kasabay ng mga malawakang kilos-protestang nagbantay sa harap ng Senado. Noong Disyembre 30, sunud-sunod na binomba ang ilang mga lugar sa Maynila, at si Estrada rin ang pinaghihinalaang pasimuno.

Nagpatuloy ang impeachment trial sa Senado ngunit kapansin-pansin ang pagmamaniobra ng mga tauhan ni Erap sa Senado. Noong Enero 16, 2000, bumoto ang 11 Senador laban sa pagbubukas ng “2nd envelope” na naglalaman ng importanteng ebidensya ng pandarambong ni Estrada -- dahilan ng pagbitiw sa pwesto ni Senador Pimentel bilang presidente ng Senado.

Pagsapit ng alas-11 ng gabi ng nasabing araw, nagsimula nang magtipon ang mamamayan sa EDSA. Patuloy na nagdagsaan ang milyun-milyong mamamayan sa mga sumunod pang araw. Tinatayang 15,000 kabataan sa ilalim ng Estrada Resign Youth Movement (ERYM) ang lumahok sa EDSA noong Enero 18, at 30,000 naman noong Enero 19. Pagsapit ng Enero 19, bumaliktad na maging ang mga pinunong-militar at tumungo na rin sa EDSA. Sinabayan pa ito ng mga kilos-protesta sa mga iba’t ibang pangunahing lunsod sa buong bansa.

Noong Enero 20, 2001, nagmartsa ang libo-libong kabataan at mamamayan mula EDSA hanggang Mendiola. Bago pa man makarating ang mga nagmartsa, tuluyan nang umalis si Estrada sa Malacañang.

**Diwa ng Sigwa**

Nagaganap ang pagsiklab ng mga pakikibakang lansangan dahil mayroong estadong nanggigipit sa kalagayan ng mamamayan. Habang tumatagal, umuunlad at umiigting ang pakikibaka ng mamamayan dahil sa patuloy na pagtaas ng kamulatan ng masang sumasapi sa pambansa-demokratikong kilusan. Higit na malaki at malawak ang mga mobilisasyon ng kampanyang pagpapatalsik kay Erap kaysa noong panahon ng Sigwa ng Unang Kwarto dahil higit na pinaunlad na ng mga aral ng nagdaang mga taon ang paglulunsad ng Demokratikong Rebolusyong Bayan.

Maaliwalas ang hinaharap. Puhunan ng rebolusyonaryong kilusan ang mga tagumpay at aral ng nagdaang pakikibaka upang paigtingin pa ang laban ng mamamayan. Pag-ibayuhin ang pakikibaka ng mamamayan at magkamit pa ng mga tagumpay -- ito ang diwa ng mga nagdaang sigwa.

*mula sa pahina 6*

nina PNP Director General Hermogenes Ebdane Jr. bukod kay Arturo Tabara ng RPA-ABB nitong huling anibersaryo ng National Capital Region Police Office.

Bagamat may kaugnayan sa mga kasong kriminal niya, pinag-iiba pa natin ang pagdadala niya ng anti-Partido kontra-rebolusyonaryong linya sa mga usapin sa ideolohiya, pulitika, organisasyon at militar. Kabilang siya sa mga nagpasimuno sa linya ng adbenturismong militar, wala-sa-panahong insureksyunismong lunsod at iba pang seryosong kamaliang nagdulot ng malalaking pinsala sa Partido at rebolusyonaryong kilusan.

Kasangkot din siya sa pagbalangkas at pagpapatupad ng desisyong nagpasimula ng pag-aresto, tortyur at pagpatay sa mga pinagsususpetsahang *deep penetration agent* (DPA) sa Mindanao noong 1984. Ito ang lumikha ng klima at moda ng sumunod na Kampanyang Ahos. Nakipagsabwatan siya sa iba pang elemento sa paglilingid sa ika-9 Plenum ng Komite Sentral noong 1985 ng impormasyon tungkol sa rumaragasa nang madugong *witchhunt* at malulubhang pinsalang idinudulot nito kung kaya't hindi ito agad nasugpo at naiwasto ng sentro ng Partido.

Sa kabila ng pagkakaroon niya ng mayor na pananagutan sa malalaking kamaliang nagdulot ng mabibigat na kabiguan at pag-atras ng Partido, BHB at rebolusyonaryong kilusan, at sa kabila ng hindi niya patanggap ng responsibilidad dito, hindi lamang niya nilisan ang kilusan, bagkus nagpatuloy siya sa paggigiit ng mga kamalian at sa pagtataksil at paglaban sa Partido at sa rebolusyon.

Upang ituwid ang pambabaluktot ng Malakanyang at militar, nais kong idiin na ang pinakamabigat na parusa ay inirereserba lamang ng rebolusyonaryong kilusan sa mga taong walang-dudang napatunayang may mabibigat at karumal-dumal na krimen laban sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan katulad ng di makatarungang pagpatay at pagsasagawa ng *kidnap for ransom*.

**_Sa katunayan, ang mga usapin sa ideolohiya, pulitika at organisasyon ng Partido at rebolusyonaryong kilusan ay nalutas na sa kalakhan sa pamamagitan ng matagumpay na pagtatakwil at pagwawasto ng Partido at BHB sa mga militarista at insureksyunistang linyang ikinalat ni Kintanar, gayundin sa paglabas niya sa Partido at BHB noong 1992 upang todong mangampanya sa labas ng kilusan laban sa BHB at rebolusyon_**

Nais ko ring ilinaw na hindi itinuturing na krimen na pinarurusahan ng kamatayan ang pagbibitiw sa Partido o paglabas sa rebolusyonaryong kilusan, o ang simpleng pagdadala ng maling linya o ang pagsasalita laban sa Partido.

Boluntaryo ang pagpasok sa Partido, BHB at rebolusyonaryong kilusan at malaya ring lumabas ang sinumang hindi na umaayon dito o hindi na kayang magpatupad ng mga gawain o magbalikat ng mga sakripisyong kaakibat ng pagrerebolusyon. Ang maling linya ay iwinawasto sa pamamagitan ng kampanyang pag-aaral. Ang mga atake sa pulitika at propaganda ay nilalabanan sa larangan din ng pulitika at propaganda at hindi idinaraan sa dahas. Kaugnay nito, isang malaking kasinungalingan ang sinasabi ng Malakanyang na may listahan ng diumano'y mga "target" ng BHB kabilang si Presidential Chief-of-Staff Rigoberto Tiglao.

Sa katunayan, ang mga usapin sa ideolohiya, pulitika at organisasyon ng Partido at rebolusyonaryong kilusan ay nalutas na sa kalakhan sa pamamagitan ng matagumpay na pagtatakwil at pagwawasto ng Partido at BHB sa mga militarista at insureksyunistang linyang ikinalat ni Kintanar, gayundin sa paglabas niya sa Partido at BHB noong 1992 upang todong mangampanya sa labas ng kilusan laban sa BHB at rebolusyon. Ang mga tagumpay ng rebolusyonaryong kilusan sa armadong pakikibaka, pakikipag-isang prente, pagbubuo ng baseng masa at pagsusulong ng mga pakikibakang masa laluna nitong huling tatlong taon ang nagpapatunay sa tagumpay ng kilusang pagwawastong inilunsad ng Partido mula 1992 hanggang 1998.

Pinatawan ng parusang kamatayan si Kintanar hindi dahil sa pagdadala niya ng maling linyang pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyon kundi dahil sa kanyang mabibigat na pananagutang kriminal sa rebolusyonaryong kilusan at sa sambayanan.

Kaya kakatwa ang pinalalabas ngayon ni Macapagal-Arroyo, ng AFP, PNP at mga kasabwat ni Kintanar at kapwa niyang mga taksil at kriminal, na siya ay isang "*good citizen*" at nagtataguyod ng kapayapaan. Isang bagay ang magsasalita na lamang tungkol sa pangangailangan ng kapayapaan. Iba pang bagay ang aktwal na pagsangkot sa gawaing kontra-rebolusyon at paglulunsad ng mga armadong proyekto laban sa rebolusyonaryong kilusan at mga personahe nito. Hindi maaaring mangyari na ang isang may napakalalim na pagkakasangkot sa mga kriminal na sindikato, kampanyang kontra-rebolusyonaryo at anti-mamamayan ng militar at operasyong *gun-for-hire* ay mabuting tao at naghahangad ng tunay na kapayapaan at katarungan para sa sambayanan.